DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
DIPOLOG CITY 7100
RELEASED
14 JUL 2017
DATE:
NAME/SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 226 serye 2017

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro Ng Mataas Na Paaralan

Mula kay: **PEDRO MELCHOR M. NATIVIDAD,** CSEE
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: **Pagpaliban Sa Pagsasagawa Ng Pansangay Na Tagisan Ng Talino 2017**

Petsa: Hulyo 12, 2017

1. Alinsunod sa Memorandum Pansangay Blg. 200, serye 2017 na pinamagatang "PANSANGAY NA TAGISAN NG TALINO 2017" na ipinalabas noong Hunyo 22, 2017, nais ipaalam sa mga guro sa Filipino at mga punungguro ng Sekundarya na ipagpaliban lamang muna ang pagsasagawa nito sa Agosto 31, 2017 dahil sa karamihan sa mga guro ng Filipino na Tagapayo ng Pampaaralang Pahayagan ay sila rin ang mamahala sa paligsahang ito at maghahasa sa mga kakayahan ng mga kalahok sa naturang paligsahan.

2. Ninais ng Tanggapang ito na pagtuunan ng pansin ng mga Tagapayo ng Pampaaralang Pahayagan ang pagsasanay ng mga batang manunulat sa kanilang kinabibilangang kategorya sa kompetisyon at magsimula na sa pagbuo ng pampaaralang pahayagan.

3. Lubos na hinihikayat ang mga punungguro ng mga paaralang may pampaaralang pahayagan na magbigay ng *moral support* at iba pang *technical assistance* sa mga Tagapayo upang mas maging masigasig sila sa pagganap ng mabigat na tungkuling nakaatang sa kanila.

4. Maghintay na lamang sa kasunod na Memorandum Pansangay na magtakda ng petsa kung kailan isasagawa ang naturang gawain.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.